Seattle Parks & Recreation

# Libreng Mga Pagkain at Mga Aktibidad Panlibangan sa Tag-Init

Ngayong tag-init, ang Seattle Parks at Recreation, Seattle Human Services Department, at ang United Way ng King County ay nag-aalok ng libreng mga pagkain at mga aktibidad panlibangan. Ang programa ng pagkain at libangan ay tatakbo mula Lunes hanggang Biyernes mula Hulyo 12 hanggang Agosto 25 mula 9:30 n.u. hanggang 4 n.h. sa 11 na mga lokasyon ng parke sa buong Seattle.

Isang libreng tanghalian at meryenda ang iaalok sa kabataang may edad 1 hanggang 18. Mga libreng aktibidad panlibangan ay bukas sa mga bata at mga tinedyer na may edad 5 hanggang 18 at maaaring may kasamang mga sining, craft, board game, at organisadong larong panlibangan.

Walang bayad, pagpapalista, o patunay ng pagkakakilanlan o legal na katayuan ang kinakailangan upang makatanggap ng mga pagkain sa tag-init.

Ang mga patakaran ng pederal na programa ay nagbago na. Sa taong ito, ang mga bata at mga tinedyer ay kailangang naroroon upang makatanggap ng pagkain at ang mga pagkain ay kailangang kainin doon mismo. Hindi na maaaring kunin ng mga magulang o mga tagapag-alaga ang mga pagkain sa ngalan ng kanilang mga anak.

# 2023 Libreng Mga Pagkain at Mga Aktibidad Panlibangan sa lokasyon ng mga parke sa Seattle:

| Location | Address |
| --- | --- |
| Beacon Hill Playground* (opening 7/17) | 1902 13th Ave. S, Seattle 98144 |
| Brighton Playground | 6000 39th Ave. S, Seattle 98118 |
| Georgetown Park | 750 Homer St., Seattle 98108 |
| Highland Park | 1100 SW Cloverdale St., Seattle 98106 |
| Lakeridge Park | 10201 Holyoke Way S, Seattle 98178 |
| Little Brook Park | 14043 32nd Ave. NE, Seattle 98125 |
| North Acres Park | 12718 1st Ave. NE, Seattle 98125 |
| Powell Barnett Park | 352 Martin Luther King Jr. Way, Seattle 98112 |
| Edwin T. Pratt Park | 201 20th Ave. S, Seattle 98144 |
| Roxhill Park* (opening 7/17) | 2850 SW Roxbury St., Seattle 98126 |